



KIT (KAGAMITAN) SA PAGHAHANDA SA KAGANAPAN NG EMERHENSIYA



TAKE WINTER BY STORM

Listahan ng bibilhin:

Isipin muna ang mga pangunahin na gamit para sa kaligtasan ng iyong pamilya, lalo na ang pagkain at tubig. Ikonsidera ang dalawang kit (kagamitan). Sa una, ilagay ang lahat ng kakailanganin mo at ng iyong pamilya sa pamamalagi kung saan ka naroroon. Ang isa naman ay dapat na isang nadadala o portable (nalilipat-lipat) na bersyon na madadala mo sa kaganapan ng ebakuwasyon. Siguraduhin na regular mong tinitingnan ang iyong mga kit (kagamitan) para matiyak na ang mga laman nito, lalo na ang mga pagkain at gamot, ay sariwa pa.

Ang mga pangunahin na gamit na dapat i-empake sa iyong Mga Kit (kagamitan) sa Paghahanda para sa iyong bahay, trabaho o paaralan at sasakyan:

- Tubig - isang galon ng tubig kada tao, kada araw, para sa hindi bababa sa tatlong araw (para mainom at sa paglilinis)
- Hindi napapanis na pagkain - hindi bababa sa pang-tatlong araw na supply ng hindi napapanis, handang makain na pagkain
- Pinapagana ng baterya na radyo/hand crank (pinipihit ng kamay) na radyo
- NOAA Weather Radio (Radyo ng klima/panahon) na may alerto ng tunog
- Mga baterya (AAA, AA, C, D, 9-volt)
- Plaslayt
- First aid kit (Pangunahing lunas na gamit)
- Multi-purpose tool (maraming gamit na kasangkapan)
- Sipol
- Antiseptic towelettes (antiseptikong maliliit na mga towalya)
- Basurahan na mga bag na may plastika na panali
- Dust mask (takip sa mukha mula sa alikabok)
- Cell phone charger
- USB hand crank (pinipihit ng kamay) charger (maaaring isama sa hand crank (pinipihit ng kamay) radio)
- Mga kumot para sa bawat tao
- Rain ponchos (takip mula sa ulan)
- Mga supply (gamit) para sa personal na paglilinis (sipilyo, paste, sanitary napkins, sabon, tuwalya, atbp.)
- Mga iniresetang gamot (pitong araw na supply ang iminumungkahi)
- Salapi
- Pambukas ng lata
- Papel at lapis para sa mga pagtatala
- Mga gamit para sa alagang hayop (pagkain, tubig, kumot, mga gamot)
- Mga gamit para sa mga bata/sanggol (mga diaper/wipes, formula (gatas), pagkain ng bata, pangkulay na libro/krayola)

Mga karagdagang gamit na dapat mayroon sa iyong bahay at trabaho o paaralan:

- 7 galon na lalagyan ng tubig
- Plastic sheeting at duct tape
- Mga karagdagang kumot
- Fire extinguisher (pampatay ng apoy)
- Carbon monoxide detektor
- Lyabe o plais (pliers) para isara ang mga serbisyong pampubliko (gas, kuryente atbp.)
- Rake (kalaykay)
- Pala para sa snow
- Deicer (pampatunaw ng yelo)
- Buhangin/hindi namumuo na litter (kalat)
- Mga materyales para sa insulasyon ng panlabas na gripo/ mga pantakip
- Pang-kamping na kalan at panggatong (para sa panlabas na gamit lamang)
- Panggatong at hindi nababasa na posporo (para sa fireplace na ginagamitan ng kahoy o panlabas na gamit lamang)
- Kagamitan para sa paglilinis ng tubig
- Mga medikal na gamit (hearing aids (tulong sa pandinig) at mga baterya, mga salamin, contact lenses at solution, syringes, tungkod)
- Mga sanggunian sa kaganapan ng emerhensiya tulad ng first aid (pangunang lunas) na libro
- Pambahay na likido na chlorine bleach (walang amoy na walang dagdag na panlinis) at dropper (pampatak) ng gamot
 - Maaari mong gamitin ang bleach bilang pang-disimpekta (ihalo sa siyam na parte ng tubig ang isang parteng bleach). Kung hindi ka makapagpakulo ng tubig, sa isang emergency ay maaari mo rin gamitin ang bleach para linisin ang tubig. Maglagay ng 1/8 na kutsarita (o 8 patak) ng regular at walang amoy na pambahay na bleach sa bawat galon ng tubig, haluin ng mabuti at hayaan ng 30 minuto bago gamitin.
- Two-way na mga radyo
- Safety beacon (ilaw na pangsenyas para sa kaligtasan)/flashing light (kumikislap na ilaw)
- Mga dagdag na baterya (AAA, AA, C, D, 9-volt)